

1

Makalipas ang mahigit isang taon matapos ikasal ang kanyang kapatid kay Alexander Montareal, unti-unti nang nasasanay mamuhay mag-isa si Nicanor. Hindi niya gaanong ramdam ang lungkot dahil abala siya sa pag-aayos ng buhay niya.

Napagdesisyunan niyang tapusin ang kursong kinuha, na naunsiyami nang maulila silang magkapatid at siya ang tumayong magulang ni Jasmine. Ngayong nasa maayos na kalagayan na ang kanilang bunso, oras na para buhay niya naman ang ayusin.

He was not getting any younger. Kaya naman todo-kayod siyang mapag-aral at mapagtapos ang sarili. Isa siyang working student—construction worker sa araw at sa gabi ay kinukuha niya ang mga natitirang units sa Architecture.

Hirap siya noong una, lalo pa at hindi siya sanay sa mabibigat na trabaho. Bago sila naulila, they had servants who waited on them. Ngunit naglaho ang mga iyon kasama ng kanilang mga magulang at madiskubre niyang mas mahirap pa sila sa daga. Nasanay rin siya sa payak na pamumuhay kalaunan.

Kung tutuusin, hindi na niya kailangang magtrabaho. His extended family, who happened to own the tower they were building, had offered to ‘sponsor’ his studies. After all, kapag nakapagtapos siya at naging ganap na arkitekto, sa kompanya ng

The Wolf's Temptation - Arianne Cole

mga ito rin ang bagsak niya. Pero ayaw pumayag ng pride niya. Minsan na siyang iniligtas ng kanyang nakababatang kapatid, hindi na niya hahayaang ibang tao naman ang gumawa niyon ngayon. Siya ang sasalba sa sarili niya. Isa pa, hindi ngayo't Montareal na si Jasmine, ibig sabihin niyon ay kabilang na siya sa mga ito. Siya pa rin si Nicanor Peñaranda, his little sister's once asshole-of-a-big-brother.

Once. Ngayon, patungo na siya sa pagbabago. His gambling days were now well behind him. Buong lakas at atensyon ay ibubuhos niya upang mabago ang takbo ng kanyang buhay.

Nothing, naisip niya sabay dampot sa sako ng semento at isinampay iyon sa balikat, *could ever... c-could distract...*

Now, that's one hot sight to behold! agaw ng mas malaking parte ng kanyang utak.

Napakako ang mga mata niya—and all his masculine parts—sa babaeng paakyat sa katatapos pa lamang na ground floor ng gusali. The woman looked like she had come right out of the pages of the Greek mythology. She certainly had the features of a siren, at the very least. Manipis ang matangos nitong ilong. Mamula-mula ang magkabila nitong pisngi at namumungay ang mga mata nitong simbilog ng buwan, with lips that would shame the ripest cherry. Her hair fell down the middle of her back like a cascade of chocolate brown silk. Katamtaman ang taas at pangangatawan nito, with all her curves in the right places and sweet baby Jesus, what curves she had!

The Wolf's Temptation - Arianne Cole

Napalunok siya. Mas lumutang ang hubog ng katawan nito sa suot nitong damit. The woman certainly took care of showing every inch of skin she possibly could without getting naked. Nakasuot ito ng aubergine sweetheart-tube dress na ang haba ay hanggang sa puno lamang ng mga hita nito. Pinaresan nito ang damit ng itim na high-heeled pumps at itim ding sequined clutch bag.

The sight of her creamy skin and the womanly sway of her hips as she walked was making him feverish. Naninikip ang pakiramdam niyang di-mawari. At nang bigla itong tumigil at may pinulot na kung ano sa sahig, kamuntik na siyang mapadaing.

Ngunit kung napigilan niya ang daing, bigo naman siyang pigilang mabundol ang isang wheelbarrow. Sumirko siya kasama ang pasang sako at lumagapak sa semento. Pumailanlang sa ere ang tawanan.

“Sino’ng naglagay nito dito?” naisigaw niya upang pagtakpan ang kahihiyang tinamo.

“Huwag mong sisihin ang wheelbarrow,” hila sa kanya patayo ng kanilang site manager. “Kasalanan mo. Kung saan-saan ka kasi nakatingin. Pero,” baling nito sa ground floor, “hindi naman kita masisisi. Kahit nga ako na ubanin na at may tatlong apo ay na-distract din.” Kumindat ito sa kanya. Tinapik muna siya ng matanda bago iniwan.

Splendid, Nick, just splendid. You are sooo... focused.

“What the hell are you doing here, dressed like *that*?” salubong sa kanya ni Alexander. Kasama ng kanyang pinsan ang ama nitong si Don Jose Montareal na kasalukuyang may kausap na trabahante.

“Good morning to you, too.” Humalik siya sa pisngi nito.

Pumihit ang kanyang tiyuhin nang marinig siya at napapantastikuhang pinasadahan ng tingin ang kanyang kabuuan. “Hija, ano’ng ginagawa mo dito? At ba’t ganyan ang suot mo?”

“I came to visit you.” Tirik ang mga matang humalik din siya sa pisngi nito. “And Tio, *please*, ’wag n’yo na ngang punahin ang suot ko. Ganito naman talaga ako manamit, parang di pa kayo nasanay.”

“Oo nga, pero baka nakakalimutan mong construction site itong pinuntahan mo’t hindi isang soiree. O baka naman...?” Her uncle’s eyes narrowed suspiciously.

“Saan na naman ang punta mo?” tanong ni Lex. “Huwag mong sabihing maglalagalag ka na naman sa kung saang party?”

“You always jump to the worst of conclusions, don’t you?” naiinis niyang pakli.

“So tama nga ako? For Pete’s sake, Francesca, hindi ka pa ba nahihilo kaka-party? Kanina, ayon kay Xandra, alas cinco ka na umuwi ng bahay. ’Tapos ngayon, heto! And it’s barely eleven

in the morning!” sermon sa kanya ng pinsan.

Ibinuka niya ang bibig upang sumagot, pero pinutol siya ni Don Jose. “*Menchi*, are you or are you not going to another party?”

Kilala niya ang tonong iyon. Malapit na itong magalit sa kanya. She threw Lex a disdainful look.

“Please don’t call me *that*, Tio. Hindi na ako bata. And FYI, it’s too early for a party,” she pointed out. “May... imi-meet lang ako sa Rockwell.” Sasabihin sana niyang mayroon siyang date, pero hindi na niya itinuloy. Kung hindi siya papayagan ng mga itong mag-party, lalo na ang makipag-date.

“Sa mall lang ang punta mo, ganyan na ang suot mo?” diskumpyadong sabat ni Lex. “Pinuputakti ka na ba ng paparazzi ngayo’t dinaig mo pa si Paris Hilton manamit?”

Nagsimulang kumulo ang dugo niya. “Lay off my dress, Lex!”

“Don’t you tell me to lay off, young lady,” duro sa kanya ni Alexander. “Lalo pa’t labas na iyang kaluluwa mo d’yan sa suot mo! And walking into a place like this? Parang lamok na nagpipiyesta ang mga matang nakakakita d’yan sa hita mo.”

“Cuz, *really*...” buntong-hininga ni Francesca, “you sound like Padre Pio. Hayaan mo ngang lumuwa ang mga mata nila.”

And with that, hinuli niya ang tingin ng trabahanteng kanina ay kausap ng kanyang tiyuhin. Nakatunganga ito ngayon sa kanyang mga hita. Kinindatan niya ito at biglang namula ang

mukha ng lalaki.

“Francesca!” sita ni Lex. Binalingan nito ang trabahador.
“Get back to work!”

“O-opo.” Nagkumahog ang pobre na natisod pa sa isang nakakalat na hollow block.

Tumawa siya. Alexander looked like a provoked bull, ang tiyuhin naman niya ay napailing na lamang.

“See? I dress like this for reactions *exactly* like his,” pilya niyang imporma sa pinsan.

Napapikit si Lex; sinusubukang panghawakan ang umiikling pasensya. Mahal siya nito kagaya ng pagmamahal nito sa bunsong si Alexandra. Problem was, he was equally protective. Mabuti sana kung kagaya siya ni Xandra. She and her cousin were the opposite ends of the spectrum: Xandra being the lamb, and she... the vixen.

Iyon ay ayon sa paningin ng iba porque may sarili siyang pag-iisip at hindi matibag na paninindigan; porque likas siyang adventurous at mahilig sa kasiyahan; porque may taste siyang—

Tumigil siya. The list went on and on.

Vixen, black sheep or bitch—whichever! I'm just having fun.
Napangiti siya sa naisip.

“When you smile like that, Francesca, kinakabahan ako.”

The Wolf's Temptation - Arianne Cole

Her smile was witchy. “And rightly so, Cuz. Rightly so. Tio, pengeng pera,” nakalahad ang kamay na baling niya sa tiyuhin.

“What for?” sabat na naman ng mahadero niyang pinsan.

“Anong ‘what for?’. Pupunta ako sa mall, siyempre kailangan ko ng pera.” *Duh!* kamuntik na niyang idagdag.

“I’ll handle this.” Don Jose raised a finger to silence his son who showed every sign of losing his temper. “Hija, you have three platinum visas,” paalala nito.

“Yeah, but... uhm, maxed out na, eh.”

“All three of them?” nawindang na tanong ng don.

“Uh-huh,” balewalang sagot niya.

Nasapo ng matanda ang noo nito. Si Lex naman ay dumistansya sa kanya. “Isang buong tindahan ba ang binili mo’t nasaid *na naman* ang credit cards mo?”

“Oh, no. Napadaan kasi ako sa *Landmark Mall* n’ong—”

“Wait! *Landmark Mall? The Hong Kong Landmark?*”

“Duh, where else?”

“You went to Hong Kong nang hindi nagpapaalam?” Lex’s voice rose a decibel.

Hindi siya nasindak. “I’m no kid, Alexander. Hindi ko na kailangang ipagpaalam ang bawat kilos ko.”

“That’s not the point! Sa amin ka inihabilin ng iyong ama’t ina. Responsibilidad namin anuman ang mangyari sa ’yo. Paano kung napahamak ka’t ni hindi man lang namin alam kung nasaan ka?”

“You’re overreacting. Wala namang nangya—”

“Enough!” asik ng kanyang tiyuhin sa tonong agad ikinatikom ng bibig niya. Pikit-matang minasahe nito ang sentido bago nagsalita. “*Menchi*, you’re not going anywhere but home.”

“Pero, Tio!” protesta niya, na agad ring naputol nang bigyan siya nito ng mapanganib na tingin. Nalaglag ang mga balikat niya. Pinal na ang desisyon nito. “Ugh! I can’t wait to manage my *own* money. Kung ayaw n’yo akong bigyan ng pera, fine! But you can’t make me go home,” maldita niyang deklara bago taas-noong tumalikod.

Inis na hinugot niya ang cellphone mula sa clutch bag. Pinindot niya ang numero ni Isaac habang iritadong pinagpag ang kumapit na alikabok sa kanyang damit. Between shaking the dust off her and waiting for Ice to pick up his damn phone, she failed to avoid colliding with a wall.

“Damn it to hell!” naisigaw niya nang paupo siyang bumagsak sa maalikabok na marmol at tumilapon sa malayo ang kanyang cellphone at clutch bag. Gusto na niyang sabunutan ang sarili. This day was turning to be the worst of them all!

Sinapo niya ang nalamog na pang-upo. Tiningnan niya ang

nabangga. Napaawang ang kanyang bibig nang makitang isang malaking mama at hindi pader ang kanyang nabundol—isang marungis at... *napakaguwapong* mama. May pasan itong sako ng sementong animo bulak lang para rito. Kupasin ang suot nitong maong at walang damit pang-itaas.

Hindi pa sana siya makakahuma sa pagkabigla kung hindi lang niya napansin ang direksyon ng tingin nito. Tulala itong nakatunghay sa nakabukas niyang mga hita. Hindi na niya kailangang tumingin para malamang nakahantad sa mga mata nito ang panty niya. Agad nag-init ang pakiramdam niya; with the way his eyes blazed with undisguised heat, parang pati buto niya ay nanlambot. Dali-dali niyang pinagsalikop ang mga hita, sabay sigaw ng, “Bastos!”

Mukha namang nahulasan ang lalaki. He dragged his eyes away from her legs with obvious effort. Ibinagsak nito ang pasang sako at dinaluhan siya. Nakatikim ito ng malutong na sampal nang maitayo siya nito. Hindi pa siya nakontento, kinalmot niya ito at pinaghahampas.

“Get your hands off me!” she screeched, patuloy sa pag-atake. “Bastos! *Pendejo!* Let go.” She wailed louder when he caught her hands. “Bitiwan mo ako. Help!”

Sinunod siya ng lalaki. Pasalya siya nitong binitiwan, na kamuntik na niyang ikinatumbang muli. Saglit siyang natigilan, hardly able to believe such a brute existed. Kapagkuwan ay muli niya itong sinugod at pinaghahampas.

The Wolf's Temptation - Arianne Cole

Balewalang naiwasan nito lahat ng atake niya. “Oy, Miss,” anitong abala sa pag-iwas sa kamay niya, “kung ayaw mong masilipan, aba’y ayus-ayusin mo ’yang pananamit mo!”

Her blood boiled, bubbled and hissed, vaporizing her composure. Pinulot niya ang isang nakakalat na brick at ibinato iyon nang ubod-lakas sa lalaki. Hindi ito tinamaan ngunit nasapol ang isang dahon ng de-salaming revolving-door. It shattered into a million pieces, effectively stopping her from hurling another brick.

Nanlalaki ang mga matang napatitig siya sa nagkikislapang bubog, hindi makapaniwalang naubos ang pagtitimpi niya nang ganoon kadali.

“What the hell...?” Napamaang ang humahangos na si Lex sa inabutang eksena. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa basag na salamin at sa hawak niyang brick. “Francesca!”

Binitiwang niya ang hawak. Nagsisimula nang dumami ang nakikiusyuso.

“Ano’ng nangyari?” tanong ng humahangos din niyang tiyuhin.

“That maniac harassed me!” She pointed an accusing finger to the man who did not look remotely abashed at her accusation.

Nagkatinginan ang mag-ama.

“Ano ba talaga’ng nangyari?” muling tanong ni Don Jose nang makapasok sila sa isang katatapos lang na opisina.

"I told you, he harassed me," naghahanap ng kakamping sambit niya.

"Mawalang-galang na, Miss, pero paano naman kita na-harass, aber? Ikaw nga itong nanampal at nangalmot," turan ng lalaki habang nagpapahid ng pawis sa dibdib at balikat nito.

Natigilan siya. Batak na batak ang namimintog nitong muscles doon, and she was suddenly besieged by a crazy urge to feel them with her palms. Wala sa sariling naikuyom niya ang mga palad. "F-fire that man, Tio," aniyang pinilit ignorahin ang matipunong dibdib ng lalaki.

"On what basis?"

"Hindi ba kayo nakikinig, na-harass ako ng adelantadong iyan!" napipikang sambot niya.

"Hija, I cannot just fire people without solid reason. Now, how exactly did he harass you?" usisa ng matanda na para bang diskumpyado ito sa mga paratang niya.

Nanggagalaiti siyang nagkuwento. "He bumped into me. Bumagsak ako sa sahi, tumilapon ang clutch bag ko at nawasak ang cellphone ko. And then, I caught him ogling at my... m-my..." Hindi niya magawang ituloy ang sasabihin. Bukod sa nakakahiya, bigla ring nanuyo ang kanyang lalamunan nang maalala ang paraan ng pagkakatitig ng estranghero sa kanyang...

"Oy, Miss." Napakurap siya nang magsalita ito. "Huwag

mong ibahin ang kuwento. Ikaw itong tangang hindi tumitingin sa dinaraanang kaya kung saan-saan nauuntog. Hindi ko kasalanan at lalong di ko sinadya, na makita ang panty mo. It was unavoidable under the circumstances.”

Sabay napaligon sa kanya ang kanyang pinsan at tiyuhin. Namula siya sa kahihyan.

“Bastos ka talaga!” Susugurin na naman sana niya ito ngunit maagap ang pinsan. “Alexander, fire him!” mangiyak-ngiyak niyang hiling dito, though technically, her cousin had no right to fire the man. Ang kapangyarihan nito ay nasa TV station na pag-aari ng mga Montareal.

“Ano’ng sinabi ko sa ’yo? Didn’t I tell you that skimpy dress is an invitation to perverts?” sita nito sa kanya pagkuwan ay binalingan ang lalaki. “No offense.”

“None taken,” the man growled.

Laglag ang pangang napatitig siya sa pinsan. “Teka, ba’t ako pa ngayon ang may kasalanan, samantalang siya itong namboso?”

“Miss, kapag iniwan mong pakalat-kalat ang pitaka mo, siguradong may kukuha niyon, di ba? Katulad din ’yan nang kapag nagsuot ka ng ubod-igsing damit, natural lang na titingnan ka. And like I’ve said, aksidente ang pagkakakita ko sa—”

“Stop it!” tumitiling putol niya sa Ingleserong trabahante. “Aksidente? Hah!” kutya niya sa alibi nito. “Your eyes were about

to pop out of their sockets kakatitig sa... sa....” Tumigil siya.

Sabay na napalingon ang kanyang tiyo’t pinsan sa lalaki. Hindi man lang ito nahiya. Ngumisi pa nga ang hudyo. “You can’t really blame me. Tao lang ako, natutukso. And you *are* one delectable temptation... as I’m sure you know,” anas nito sa kanya.

Napatikhim nang malakas si Don Jose; siya naman ay parang nilagang ulang sa pula.

“Kita n’yo na?” baling niya sa mag-ama. “Pervert talaga! Sisantehin n’yo na nga’ng antipatikong iyan.”

“Francesca,” himig-nagpapahinuhod na simula ng kanyang tiyuhin.

“Are you gonna him fire or not?” she demanded angrily.

“They can’t fire me. Wala naman akong ginawa. *Ikaw* ang bumunggo sa akin. Bukod pa d’on, binasag mo ’yong pinto. Alam mo ba kung gaano kamahal iyon?”

Her nostrils flared. *Aba’t...* kung makapagsalita ito ay aakalain mong pera nito ang ipinambili sa pinto. Sino ba ang hambog na ito? Binalingan niya ang mag-ama. “You’re not gonna fire him?”

Don Jose looked at her helplessly.

Hinablot niya ang clutch bag sa mesa. “Fine!” Muli niyang hinarap ang lalaki. “May the soul of perverts like you rot in hell.”

The Wolf's Temptation - Arianne Cole

Natuliro lahat ng mga pandama niya nang lapitan siya nito. He was intimidatingly big. Up close, his masculine appeal was overwhelming.

“Miss, yaman din lamang na nagmamarakulyo iyang kalooban mo dahil nasilipan ka, eh di sana, binalot mo nang maayos ’yang katawan mo. Bakit naman kasi ganyan ang suot mo?”

Hindi siya makasagot; kinakapos siya ng hininga dahil sa lapit nito.

“Hindi ba,” the man went on; oblivious to her sudden lack of breath, “para manukso? O ngayong may natukso ka, bakit ka nagagalit?” tanong nito na lalo niyang ikinaumid. “Babalik na ho ako sa trabaho,” paalam nito sa mga amo. He looked down on her once more, a sexy smile playing on his lips. “It was nice seeing *your*—I mean, it was nice seeing *you*. Good day.”

At tinalikuran siya nito habang siya ay hiyang-hiya sa sarili at nagpupuyos ang kalooban.